



Isang Katesismo upang mapagnilay-nilay ang paniniwala ng –
Philippine United Apostolic Church



Isang Katesismo upang mapagnilay-nilay ang paniniwala ng –

Philippine United Apostolic Church

(Naitatag sa Pilipinas 1991 – Nairehistro sa ilalim ng
Security and Exchange Commission No. ANO95-03164 noong ika-14 ng
Agosto taong 1995, Republika ng Pilipinas)

**Nakapaloob ang mga Panalangin sa Pagsamba
at mga Panalanging Pampamilya**

Ang layunin ng “Apostolic Church” ay upang dalhin ang lahat sa Biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, upang muling papanumbalikin ang tao sa Diyos at upang sila’y akayin sa pananampalatayang tulad sa isang bata sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang maihanda bilang isang kasintahang babae sa Kanyang pagbabalik na nasa kapangyarihan at kaluwalhatian na malapit ng maganap.

Ang katesismong ito ay ibinigay sa Taon ng Biyaya 2000 sa ilalim ng pamamahala ni Apostle Cliff Flor, Queensland upang magamit sa Pilipinas.

ALL RIGHTS RESERVED

(First Edition)

Hindi natin dapat kalimutan na ang tamang paniniwala at tamang pag-uugali ay dapat laging magkasama, at ang tamang pag-uugali ay makikita mula sa tamang paniniwala. Ang Diyos ay malulugod lamang sa ating mga asal sa buhay kung nakikita sa atin ang tiwala sa Kanya at sa Kanyang salita.

“All Honour to God”

Apostle Cliff Flor
Apostolic Church of Qld. – Northern District
P.O. Box 8077
Mt. Pleasant, Q. 4740

Bishop Delfin Cayabyab
Philippine United Apostolic Church
P.O. Box 20, Dagupan City
Pangasinan 2400 Philippines

Bishop Jimmy B. Soriano
Philippine United Apostolic Church
P.O. Box 560, 1400 Caloocan Central Post Office
Caloocan City Philippines

Elder Dagsi Dalunag
Philippine United Apostolic Church
Bucloc, Abra
Philippines

TALATUNTUNAN

	Page
Ang Paniniwala at Pananampalataya ng Apostolic Church	3
Ang Sampung Utos na Ibinigay ng Diyos kay Moises	
Sa Bundok ng Sinai	5
Ang Kautusan na Sinalita ni Hesus na Naitala sa	
Marcos Kabanata 12	6
Mga Relihiyosong Aral	6
Gabay sa mga Panalangin	12
Ang Panalangin na Itinuro ng Panginoon	13
Panalangin ng mga Bata	13
Panalangin ng Isang Bata sa Pagkain	13
Panalangin sa Umaga ng Maliliit na Bata	14
Panalangin sa Gabi ng Maliliit na Bata	14
Panalangin ng Bata pagkatapos ng Banal na Komunyon	14
Panalangin ng Bata sa pagpasok ng Iglesia.....	14
Panalangin ng Bata sa Kaniyang Makadiyos na mga Magulang	15
Kahulugan ng Simbulong 4 R	15
Ang Kahulugan ng Pagpapatunay ng Ating Pananampalataya	16
Himno sa Pagpapatunay ng Ating Pananampalataya	16-17
Mga Gabay sa Panalangin ng mga Kaanib ng Iglesia	17
Panalangin sa Umaga	17
Panalangin sa Hapag Bago Kumain	18
Panalangin sa Gabi	19
Iba pang Mga Panalangin	20
Panalangin ng mga Kaanib Tuwing pagpasok sa	
Banal na Pagsamba	20
Panalangin pagkatapos makibahagi sa Banal na Komunyon.....	20
Panalangin ng Pagsisisi sa Paghingi ng Kapatawaran	20
Panalangin sa Kagalakan ng Pag-aasawa	20-21
Panalangin upang Tayo ay Mapabuti	21
Basbas ng Apostol	21

ANG PANINIWALA AT PANANAMPALATAYA NG APOSTOLIC CHURCH

Itong Paniniwala at Pananampalataya ay naitatag sa pamamagitan ng turo ng mga Apostol at sa Salita ng Diyos na ibinigay sa Banal na Kasulatan.

Sa pagpapahayag ng aming paniniwala sa paraang ito, ay nararapat na maunawaan na kami ay naniniwala na mayroon lamang iisang Diyos, ang buhay at totoong Diyos na ang pagka-Diyos ay binubuo ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo at itong tatlo ay Isang Diyos na Walang Hanggan. Ito ay kilala bilang Ang doktrina ng pagka-trinidad.

(Deut. 6:4, I Cor 8:4, Mat 3:16-17, Mat 28:19, I Ped 1:2, I Jn 5:7)

1. – Tayo’y naniniwala sa Diyos Amang Makapangyarihan, na Siyang may likha ng Langit at Lupa.
(Gen 1:1, Gen 1:31, Ex 20:11, Awit 102:25, Jn 1:3, Heb 1:10, 11:3)
2. – Tayo’y naniniwala kay Hesukristo ang bugtong na Anak ng Diyos Ama, ang ating Panginoon at Tagapagligtas, na ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ipinanganak ni Birheng Maria, nagdusa sa krus namatay at inilibing, lumusong hanggang sa Hades, sa ikatlong araw Siya’y nabuhay, nagturo sa Kaniyang mga alagad sa loob ng 40 araw tungkol sa mga misteryo ng kaharian ng Diyos, umakyat sa Langit at bilang ating Haring Saserdote Siya’y naupo sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan, mula doon Siya’y muling darating upang kunin ang Kaniyang mga hinirang at pinili para sa Kaniya at sa huling paghuhukom upang hatulan ang mga buhay at maging ang mga patay.
(Mat 16:16, Mat 3:17, Mat 1:18, Mat 27:35, Mat 27:50, Mat 27:60, Ef 4:9, Marc 16:6, Luc 24:51, Heb 4:14, Mat 24:30, Mat 24:31, Jn 5:21-22)
3. – Tayo’y naniniwala sa Espiritu Santo, ang Pandaigdig na Banal na Apostolikong Iglesiya, ang pakikisama sa mga banal, pagpapatawad at katubusan ng mga kasalanan, at ang muling pagkabuhay tungo sa buhay na walang hanggan (eternal).
(Jn 14:26, I Ped 1:12, Ef 4:4-5, Ef 4:13, Ef 2:20-21, Ef 3:15, II Cor 13:14, Gawa 26:18, Mat 26:28, Luc 14:14, Apoc 20:6)
4. – Tayo’y naniniwala na si Hesukristo ang Siyang ulo ng Kaniyang Iglesiya, na Siyang naghahari at naglaan sa pamamagitan ng Espiritu Santo na kung saan Kaniyang ipinadala at patuloy na nagpapadala ng Kaniyang mga Apostoles.
(Col 1:18, Jn 14:26, Jn 6:23, II Cor 3:6, Mat 28:18-20, Ef 2:20, Joel 2:23)
5. – Tayo’y naniniwala sa mga Apostol bilang guro, kaagapay, tagapamagitan at sugo ng ating Panginoong Hesukristo.
(Mat 28:18-20, Gawa 26:17-18, II Cor 1:24, I Tim 2:1, II Cor 5:20)
6. – Tayo’y naniniwala sa Banal na Kasulatan, nang Luma at Bagong Tipan, kasama ang lahat ng mga pangakong naroon mula ng simula hanggang sa katapusan.
(Isa 34:16, Rom 15:4, Mat 24:35, I Ped 1:25, II Tim 3:16)

7. – Tayo’y naniniwala sa Banal na Bautismo sa tubig, na sa pamamagitan nito tayo’y mapasama kay Kristo Hesus.
(Mat 28:19, Gal. 3:27, Rom 6:3-4, Jn 13:8, Efeso 5:26-27, I Pedro 3:21-22)
8. – Tayo’y naniniwala sa Banal na Katawan at Dugo ni Hesukristo, na sa pamamagitan ng sakramentong ito, na ang Ama at Anak, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay tumitira sa atin.
(Jn 6:53-58, Gal 2:20)
9. – Tayo’y naniniwala na sa pamamagitan ng Katawan at Dugo ni Kristo Hesus, ang ating kaluluwa ay nabihisan ng Kaniyang katuwiran at nahahanda para maging Kaniyang kasintahang babae, at naging sisidlan para sa Espiritu Santo, sa pamamagitan ng ating Amang sumasalangit ay ginawa ang ating panloob na pagkatao katulad ng sa Kaniyang Anak.
(Mat 26:28, Apoc 7:9, Apoc 8:10, Rom 8:10, Apoc 21:2, I Cor 3:16, I Jn 2:29, Ef 4:13, I Cor 15:21-22)
10. – Tayo’y naniniwala sa pagpapatong ng kamay, na sa pamamagitan nito’y tinanggap natin ang pahid ng Banal na Espiritu, at sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga Apostol ay gisingin at maging aktibo ang mga kaloob ng Espiritu na nasa atin.
(Jn 6:27, Gawa 10:38, Gawa 8:17-18, Ef 1:13, II Cor 1:22)
11. – Tayo’y naniniwala na ang Espiritu Santo ay nagbibigay sa atin ng lahat ng mga turo mula sa langit, ayon sa mga salita at pangako ng ating Panginoong Hesukristo sa pamamagitan ng mga Apostol na ipinadala sa buong mundo para sa layuning ito.
(Jn 14:26, Jn 15:16, Jn 15:26-27, Mat 10:40, Luc 24:47-48, Apoc 21:14)
12. – Tayo’y naniniwala na tayong nabubuhay sa mga huling araw ng Diyos (isang libong taon ay isang araw sa Diyos) at ang araw ng pagbabalik ng ating Panginoong Hesukristo ay nalalapit na, na Kaniyang kukunin ang Kaniyang kasintahang babae, mula sa mga nangatulong sa mga patay at ang mga nabubuhay sa unang muling pagkabuhay.
(Ex 20:11, II Ped 3:8, Mat 24:30-31, I Thes 4:13-18, Apoc 20:4-6)
13. – Tayo’y naniniwala sa pakikiisa ng Langit kay Kristo at ganon din sa lupa, at ang panahon ng paglilinis ay magaganap.
(Jud 14:15, Ef 5:26-27, Apoc 19:7-9, Heb 12:26, II Ped 3:10)
14. – Tayo’y naniniwala sa paghahari ng kapayapaan sa loob ng isang libong taon dito sa lupa bilang ikapitong araw sa Panginoon, pagkatapos nito’y susunod ang huling paghuhukom.
(Dan 2:44, Mat 16:28, Mat 25:34, Apoc 20:6, Apoc 20:11-15)
15. – Tayo’y naniniwala sa Diyos Ama bilang manlilikha, sa Anak ng Diyos bilang Haring Saserdote na siyang namamagitan para sa atin at sa Espiritu Santo sa Katawan at Dugo ni Hesukristo, bilang ating Guro, na nangungusap sa atin, sa Banal na Iglesia Apostolika.
(Neh 9:6, Heb 4:14-16, Rom 8:9-14, I Ped 3:18, I Ped 1:15-19)

**ANG SAMPUNG UTOS NA IBINIGAY NG DIYOS
KAY MOISES SA BUNDOK NG SINAI
- (Exodus Kabanata 20)**

1. – Ako ang Panginoon mong Diyos, na naglabas sa iyo sa lupain ng Egipto, sa bahay ng pagkaalipin. Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko.
2. – Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anomang anyong nasa itaas sa langit, o ng nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa: huwag yuyukuran sila, o paglingkuran man sila; sapagkat akong Panginoon mong Diyos ay Diyos na mapanibughuin, na aking dinadalaw ang katampalasan ng mga magulang sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salin ng lahi ng mga napopoot sa akin. At pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang libolibong umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos.
3. – Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan; sapagkat hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng Kaniyang pangalan sa walang kabuluhan.
4. – Alalahanin mo ang araw ng Sabbath upang ipangilin. Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain. Ngunit ang ikapitong araw ay Sabbath ng Panginoon mong Diyos: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong tagaibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan. Sapagkat sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng Sabbath, at pinakabanal.
5. – Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina: upang ang iyong mga araw ay tumagal sa ibabaw ng lupa na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos.
6. – Huwag kang papatay.
7. – Huwag kang mangangalunya.
8. – Huwag kang magnanakaw.
9. – Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa.
10. – Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa, huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa, ni ang kaniyang aliping lalake o babae, ni ang kaniyang baka, ni ang kaniyang asno, ni anomang bagay ng iyong kapuwa.

ANG KAUTUSAN NA SINALITA NI HESUS NA NAITALA SA MARCOS KABANATA 12

Ang pangulong utos sa lahat ay, pakinggan mo, oh Israel; ang Panginoon nating Diyos, ang Panginoon ay iisa, at iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso mo at ng buong kaluluwa mo at ng buong pag-iisip mo, at ng buong lakas, ang pangalawa ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili, walang ibang utos na hihigit sa mga ito.

MGA RELIHIYOSONG ARAL

1. – Paano na ang Langit at Lupa na ating nakikita at lahat ng mga hayop, ibon, isda at mga gulay ay lumitaw at nabuhay?

Sagot: Ito ay nilikha sa pamamagitan ng Makapangyarihang Diyos mula sa wala, sa pamamagitan ng Kaniyang makapangyarihang salita sa loob ng anim na araw sa Kaniyang panahon at lahat ay naging napakabuti.

(Gen 1, Heb 11:3, Neh 9:6, Job 26:7, Awit 102:25, Gawa 14:15)

2. – Ano ang pinakamahalagang bahagi sa paglikhang ito?

Sagot: Nang likhain ng Diyos ang tao ayon sa Kaniyang wangis at mula sa lalake nilikha Niya ang babae upang Kaniyang maging katulong.

(Gen 1:26-27, Co13:10)

3. – Ano ang kahulugan ng pagiging nilikha ayon sa larawan ng Diyos?

Sagot: Ang Diyos ay tatlong bahagi ng kalikasan, ang Ama, Anak at Espiritu Santo at ang tao rin ay ginawa na may katawan, kaluluwa at Espiritu sa gayunding kaayusan.

(Gen 2:7, Mat 10:28, I Thes 5:23, Sant 2:26)

4. – Bakit nilikha ng Diyos ang unang tao, si Adan at mula kay Adan ang unang babae si Eba?

Sagot: Nais ng Diyos na mapuno ang lupa sa pamamagitan ng unang tao, mga mamamayan na laging magbigay luwalhati sa Diyos at maging kabahagi ng buhay na walang hanggan kasama Niya sa kaitaasan ng kalangitan.

(Gen 1:28, I Cor 10:31, Awit 73:24-26, Jn 17:22-24)

5. – Lahat ba ng nasa kaharian ng Diyos na Kaniyang nilikha ay masaya sa plano ng Diyos?

Sagot: Hindi, Si Satanas, ang Arkanghel at mga kasama niya ay nag-iisip na sila ang dapat mamuhay kasama ang Diyos sa Kaniyang kaluwalhatian, sa kataastaasang Langit.

(Gen 3:13-15, Apoc 12:9-10, Apoc 20:2)

6. – Ano ang natatanging tipan na ibinigay ng Diyos kay Adan at Eba para sa kanilang kinabukasan?

Sagot: Ipinangako ng Diyos ang buhay na walang hanggan sa kanila sa kondisyong lubos na pagsunod, pinagbawalan sila na kumain sa bunga ng punong kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, na kamatayan ang magiging parusa.

(Gen 2:16-17, Kaw 11:19, Ezek 18:24)

7. – Si Adan at Eba ba ay nanatili sa kalagayang katulad ng sila’y likhain?

Sagot: Hindi, sa pamamagitan ng panunukso ni Satanas sila’y naging masuwayin at sinubukang mangatwiran sa kasalanang yaon.

(Gen 3:1-13)

8. – Ano ang naging bunga nito?

Sagot: Ang Diyos ay napilitang palabasin sila sa Kaniyang Hardin, ipinakilala ang kamatayan ng katawan at lumikha ng lugar ng hintayan (tinawag na Hades) para sa walang hanggang kaluluwa, para hintayin ang Kaniyang huling paghuhukom.

(Gen 3:24, Gen 3:19, Awit 9:17, Awit 16:10, Apoc 20:12-13)

9. – Ano ang naging epekto sa kinabukasan ng lahat ng henerasyong ipinanganak mula kay Adan at Eba?

Sagot: Dahil sa namana natin ang ating natural na buhay mula kay Adan at Eba kaya naman namana na rin natin ang kaparusahan ng orihinal na kasalanan.

(Rom 5:12, I cor 15:22, Awit 51:5)

10. – Ito ba’y naging katapusan na ng mga plano ng Diyos para sa mga tao?

Sagot: Hindi, Ang Diyos ay hindi nagbabago, sa Kaniyang itinakdang mga plano na ipaabot ang kaparaanan sa sanlibutan upang ang lalake at babae ay muling mapagkasundo sa Kaniya bilang Kaniyang anak na lalake at anak na babae at tanggapin ang pangakong inilaan sa sangkatauhan.

(Exo 3:14, Mal 3:6, Sant 1:17, Gen 3:15)

11. – Paano pinangunahan at nagturo ang Diyos sa sangkatauhan?

Sagot: Sa loob ng 4,000 taon ipinakita ng Diyos ang Kaniyang kapangyarihan sa pamamagitan ng malaking baha, na pinangalat ang mga tao sa Babel, sa pamamagitan ng mga tao at ibinigay sa kanila ang lupang pangako, ipinakilala ang mga kautusan at hain at gabayan sila sa pamamagitan ng mga salita ng mga propeta, ngunit ang tao ay hindi pa rin kayang panghawakan ang pangako ng buhay na walang hanggan dahil sa kasalanan.

(Gen 6:7-8, Gen 11:9, Gen 17:19, Ex 14:29-30, Mat 23:24, Mal 4:4-5)

12. – Ano nga ang ginawa ng Diyos upang muling ibalik ang pangakong buhay na walang hanggan sa sangkatauhan?

Sagot: Ipinakita ng Diyos ang Kaniyang dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng pagpapadala sa sanlibutan ng Kaniyang bugtong na Anak, si Hesukristo, upang maging pangalawang taong nilikha ng Diyos upang mapagtagumpayan ang Kaniyang mga kaaway, kasalanan, impiyerno at kamatayan at simulan ang bagong daan.

(I Jn 5:11, Jn 1:1-14, Heb 2:14, Luc 1:32, Luc 2:1-15, Jn 3:16)

13. – Paano nilikha ang pangalawang taong ito?

Sagot: Siya’y ipinaglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo at ipinanganak ng isang birhen at dahil dito hindi Niya namana ang orihinal na kasalanan dahil Siya’y ipinanganak una Espiritu at pangalawa ay laman.

(Mat 1:23, Lucas 1:26-35)

14. – Paano Niya napagtagumpayan ang kaaway, ang kasalanan?

Sagot: Napagtagumpayan ni Hesukristo ang lahat ng tukso ng kasalanan sa Kaniyang buong buhay dito sa lupa, at dahil sa kawalan ng kasalanan, Kaniyang dinala ang kasalanan ng buong mundo bilang isang ganap na handog.

(Mat 4:1-11, Jn 1:29, Heb 4:15, Heb 9:26, I Jn 1:7)

15. – Paano Niya napagtagumpayan ang kaaway, ang impiyerno?

Sagot: Pagkatapos ng Kaniyang pagkapako ang Kaniyang kaluluwa ay kailangang magtungo sa impiyerno dahil ito ang destinasyon ng lahat ng tao, ngunit dahil sa Kaniyang malaking tagumpay laban sa kasalanan at sa Kaniyang tiwala sa Diyos, siya’y may kapangyarihan na mapagtagumpayan ang pintuan ng hades magpakailanpaman.

(Apoc 1:18, Luc 23:43, Efeso 4:8-10, I Ped 3:19)

16. – Paano Niya napagtagumpayan ang kaaway, ang kamatayan?

Sagot: Nang ikatlong araw pagkatapos ng Kaniyang kamatayan si Hesukristo ay bumangon sa katawan para makita ng marami na Siya’y muling nabuhay upang ipakita sa atin na ang kamatayan ngayon ay maari ng mapagtagumpayan.

(Heb 2:14, Luc 42:5-7, Jn 20:29, I Cor 15:4-8)

17. – Ano ang papel na dapat ganapin ni Hesukristo?

Sagot: Ngayon ay kaniyang isinaayos ang kaparaanan, na sa pamamagitan ng pananampalataya, ang buong sangkatauhan ay maaaring magtamo ng karapatan na muling makabalik sa Paraiso, na makapamuhay sa kaharian ng Diyos at makamit ang buhay na walang hanggan sa kaluwalhatian ng Diyos sa kalangitan.

(Ef 2:4-5, I Cor 3:11, I Jn 2:1, I Cor 15:20-21)

18. – Sa anong kaparaanan dito sa lupa ito’y maaring matamo?

Sagot: Itinatag ng ating Panginoon ang Iglesia upang ito’y maging pansansinukuban at Apostoliko, umakyat sa langit upang maging pangulo ng Iglesia, ipinadala ang Espiritu Santo upang gumabay at pangunahan ang Iglesia at maging ating Propeta at Haring saserdote, magpakailanman sa kanan ng Diyos bilang isang hugpong sa pagitan ng tao at Diyos hanggang sa Siya’y muling suguin upang kunin ang sa Kaniyang sarili at maging ating Hari ng mga Hari.

(Jn 20:21, Jn 15:16, Gawa 1:8, Gawa 1:9, Gawa 2:1-4, Ef 5:23, I Tim 2:5, Heb 6:20)

19. – Ano ang papel o gampanin at layunin ng Iglesia?

Sagot: Ang layunin ng Apostolikong Iglesia ay upang dalhin ang lahat sa Biyaya ng ating Panginoong Hesukristo; upang muling papanumbalikin ang tao sa Diyos at upang sila’y akayin sa pananampalatayang tulad sa isang bata sa pamamamagitan ng Banal na Espiritu upang maihanda bilang Nobya sa Kaniyang pagbabalik na nasa kapangyarihan at kaluwalhatian na malapit ng maganap.

(Efeso 2:4-5, II Cor 5:20, Jn 16:13-14, Mat 24:31)

20. – Nawawala ba ang ating lugar sa Iglesiya, kasama ang lahat ng mga pangako, kung tayo ay pumanaw na sa buhay na ito?

Sagot: Hindi, ang ating Panginoong Hesukristo ng Kaniyang pagtagumpayan ang kasalanan, ang Hades at ang kamatayan, ay naghanda ng dalawang lugar ng hintayan para sa mga kaluluwang inihanda ang kanilang sarili sa Kaniyang Biyaya sa buhay na ito, datapuwat ang Iglesiya ay laging mananatiling isa, kasama ang mga miyembro sa tatlong lugar.

(Jn 14:1-4, Rom 14:8-9, Rom 1:17, Ezek 42:3-6)

21. – Ano ang tatlong lugar na ito ayon sa salita ng Diyos?

Sagot: Ang buhay na Iglesiya sa mundong ito, sa ilalim ang Gintong Dambana para sa mga martir o banal, at Paraiso, para sa mga kaluluwang tumugon sa tawag ng ating Panginoong Hesukristo.

(I Ped 2:5; Apoc 6:9-10, Luc 23:43, Rom 3:24-26, II Cor 12:9, Mt 16:24, II Cor 12:4, Apoc 2:7)

22. – Mayroon bang utos ang Diyos upang ang Kaniyang Iglesiya ay dapat gumawa?

Sagot: Oo, Ang Diyos ay Diyos ng kaayusan at mula pa sa simula ng panahon ay naipakita na, na ang Kaniyang Iglesiya ay nararapat kumilos o gumawa sa Kaniyang mga tagubilin sa mga Propeta, Ebanghelistang mga Pastor at mga guro; tinukoy na mga kamananggagawa ng Diyos, naitatag sa pundasyon ng mga Apostol at mga Propeta, na si Hesukristo mismo ang siyang pangunahing batong panulok.

(Gen 2:10-14, Ezek 10:14, Efeso 4:11-13, Apoc 4:4-11)

23. – Ang Iglesiya Apostolika ba ay sumagana pagkatapos na maitatag ni Kristo?

Sagot: Oo, sa aklat ng mga Gawa ay naitala ang paglago at pagpapalang ipinagkaloob sa Iglesiya habang ito ay nasa pangunguna at gabay ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng opisina at ministeryo ng mga Apostol.

(Gawa 1:26, Gawa 2:41, Gawa 2:47, Gawa 8:14, Gawa 10:47, Gawa 23:11)

24. – Bakit ang Iglesiya Apostolika kasama ng mga nangabubuhay na Apostol ay hindi nagpatuloy?

Sagot: Sapagkat ang mga nasa ministeryo ng Pagkapari ay nagnais na itaas ang kanilang sarili at hindi hiningi sa Panginoon ang pagpapatuloy ng ministeryo ng mga Apostol at pinalitan ang opisina ng ito ng makataong paglilingkod na inalis ang itinatag na kaayusan ng Diyos.

(II Thes 2:3-4, Joel 1:1-7, II Cor 11:13-15)

25. – Ano ang naging bunga ng kanilang ginawa?

Sagot: Nawala ang gabay ng Espiritu Santo sa Iglesiya at maraming kaloob at mga pagpapala ay nawalan na ng buhay at ang Iglesiya ay pinangunahan ng karunungan at mga tuntunin ng tao doon sa kadiliman.

(Kaw 1:7, Isa 47:10, Joel 1:13-14, I Jn 5:9)

26. – Ang Diyos ba ay nalulugod sa pangyayaring ito?

Sagot: Hindi, si Hesukristo ay ang Alpha at Omega, ang pasimula at ang wakas, at ayon sa Kaniyang pangako ay muling itatatag ang Apostolikong Iglesiya sa pamamagitan ng mga buhay na Apostoles upang ipamahagi sa mundo ang Kaniyang Biyaya pag ang Kaniyang mga pangako ay maisakatuparan.

(Joel 2:23, Mat 28:20, James 5:7)

27. – Ano ang tungkulin o gawain ng Apostol sa Iglesia?

Sagot: Ang mga Apostol ay mga sugo ng ating Panginoong Hesukristo, pinagkatiwalaan upang magbigay ng Kaniyang mga turo at utos at maging daluyan sa pamamagitan ng Diyos na nagtatalaga sa mga Opisyaes, gugulin ang mga kaloob, pagpapatong ng kamay at ipahayag ang kapatawaran at magbahagi ng Biyaya.

(Jn 17:18-20, Mat 28:18-20, II Cor 5:18-21, Gawa 6:6-7, Gawa 8:17)

28. – Paano ipinamamahagi sa Iglesia ang Biyaya ni Kristo?

Sagot: Sa pamamagitan ng ipinangaral na salita ng Diyos, ang kapatawaran ng mga kasalanan, at mga Banal na Sakramento.

(Mat 26:13, Jn 20:21-23, Mat 28:18-20, Jn 3:5-8)

29. – Ilang Sakramento mayroon ang Iglesia Apostolika?

Sagot: Tatlo – Bautismo (sa tubig), Banal na Komunyong, at pagpapatong ng kamay.

(Mat 28:19, Mat 26:26-29, Jn 6:53-54, Efeso 4:30)

30. – Ilang mga saksi ang nasa Langit ayon sa Bibliya?

Sagot: Tatlo – ang Ama, ang Salita (Anak) at ang Espiritu Santo at itong tatlo ay iisa.

(I Jn 5:7, Mat 3:16-17, Mat 28:19, I Peter 1:2)

31. – Ilan naman ngayon ang mga saksi mayroon ang Iglesia dito sa lupa?

Sagot: Tatlo – Tubig, Dugo at Espiritu, at itong tatlo ay sumasang ayon sa isa't-isa.

(I Jn 5:8, I Jn 5:6, Gawa 10:47, Apoc 10:47, Apoc 1:5, Apoc 5:9, Apoc 7:14, Apoc 22:17)

32. – Ano ang ating natatanggap sa pamamagitan ng bautismo sa tubig?

Sagot: Tayo ay naihiwalay mula sa sanlibutan sa pamamagitan ng pagkatubos natin mula sa orihinal na namanang kasalanan at tayo'y naisulat na doon sa aklat ng buhay ni Kristo.

(Jn 3:5, Marcos 16:16, I Cor 12:13, Gal 3:27, Efeso 5:26-27, Apoc 20:15)

33. – Ano ang ating matatanggap sa pakikibahagi sa Banal na Komunyong na siyang marapat?

Sagot: Ating natatanggap ang katubusan ng pinatawad na mga kasalanan na ang mga ito'y pinalitan sa pamamagitan ng katuwiran ni Hesukristo.

(I Jn 1:7, II Cor 5:21, Mat 26:28, Apoc 19:8, II Peter 1:1, I Peter 2:24)

34. – Ano ang ating matatanggap sa Banal na Pagpapatong ng kamay ng mga Apostol?

Sagot: Ang pahid ng langis ng Banal na Espiritu.

(Mat 3:16-17, I Cor 12:13, Rom 6:3-4, Jn 14:17, Efeso 4:30)

35. – Bakit ibinigay ng Diyos sa atin ang pahid ng langis ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay ng mga Apostol?

Sagot: Itong Espiritu na nasa loob natin ay upang ihanda tayo na maging katulad ng sa larawan ni Kristo at maging handa para sa huling kapanganakan katulad ng ating Panginoon sa Kaniyang pagbabalik dito sa lupa.

(Rom 8:14-16, I Cor 6:19-20, 2 Cor 3:18, I Thess 4:15-17)

36. – Bakit nga tayo ay naniniwala na ang ating Panginoong Hesukristo ay malapit ng babalik?

Sagot: Sapagkat ang mga tanda ng panahon ay narito na tulad ng mga hula ng mga propeta, at ng Panginoon at sa Diyos, ang isang libong taon ay tulad sa isang araw ayon sa Banal na Kasulatan.

(Mat. 24, Acts 1:11, Heb 9:28, Rev. 3:11, 2Peter 3:8)

37. – Ano ang mangyayari sa lupa bago ang pagbabalik ni Kristo?

Sagot: Ayon sa Banal na Kasulatan, ang Apostolic Church ay daranas ng matinding pag-uusig, ang mga kapangyarihan ay lulutang upang pasunurin ang sanlibutan ayon sa kaparaanan ni Satanang at siya ay gagamit ng matinding kapangyarihan sa sangkatauhan upang sila ay pilitin na huwag sumamba sa Diyos o kay Kristo.

(Apoc 13:6-8, Apoc 13:16-17, Apoc 13:13-14, Mat 24:21-22)

38. – Ano ang dapat nating gawin sa mga panahong ito?

Sagot: Tayo ay dapat dumanas ng lahat ng pag-uusig at mga pagsubok, at hindi tayo dapat makisama sa sanlibutan kundi maging matatag na nakatayo sa ating pananampalataya kay Hesukristo at pagtitiwala sa Panginoon.

(Mat 24:13, Mat 10:22, Sant 1:12, Isa 26:4, I Ped 1:7-9)

39. – Ang pagtitiwala bang ito ay may gantimpala?

Sagot: Oo. Tayo'y palalakasin ng Panginoon at sa Kaniyang pagbabalik lahat ng mga nananatiling totoo kay Kristo ay hindi daranas ng kamatayan.

(Isa 26:8, Luc 20:36, Isa 25:8, I Cor 15:24, 2 Tim 1:10)

40. – Ano ang magiging layunin ng pagbabalik ng ating Panginoon?

Sagot: Siya ay isusugo mula sa kalangitan bilang isang Kasintahang Lalaki, dadalhin kasama Niya ang lahat ng kaluluwa mula sa Ginintuang Dambana at paraiso, buhaying muli ang kanilang katawan mula sa lupa, kumpletuhin ang muling kapanganakan sa kanila, baguhin ang matapat na pamumuhay at kunin ang handang Iglesia bilang Kaniyang kasintahang babae papuntang kalangitan upang iharap sa Ama para sa kasal ng Panginoon.

(I Tes 4:13-17, 2 Tim 4:8, Apoc 21:2, 2 Cor 11:2)

41. – Sa panahon ng pagpapalang ito sa Kalangitan, ano naman ang mangyayari sa lupa?

Sagot: Ang lupa at ang lahat ng naririto ay nilinis sa pamamagitan ng apoy at ang lahat ng bagay ay ginawang bago.

(2 Ped 3:6-7, Dan 2:44, Isa 11:1-19, 2 Peter 3:13)

42. – Tayo ba ay mananatiling kasama si Hesus sa Langit?

Sagot: Hindi. Siya ay babalik sa lupa kasama ang lahat ng mga banal na nakabahagi sa Kaniyang tagumpay, igagapos si Satanas, at itatag ang Kaniyang Kaharian, Ang Milenyo – Paghahari ng Kapayapaan sa loob ng 1000 taon.

(Apoc 20:1-4, Isa 65:17, II Ped 3:13)

43. – Ano naman ang mangyayari kapag malapit na ang katapusan ng kahariang iyon?

Sagot: Si Satanas ay palalayain sa loob ng maikling panahon upang subukin ang lahat ng ipinanganak sa kapanahunan ng kahariang ito.

(Apoc 20:7-8)

44. – Ano ang kapalaran ni Satanas?

Sagot: Ang Diyos ay magsusugo ng mga Anghel upang gapiin si Satanas at ang kaniyang mga tagasunod, na sila pagkatapos ay ibubulid sa impiyerno upang maghintay ng hatol.

(Apoc 20:9-10)

45. – Ano naman ang susunod pagkatapos ng Paghahari ng Kapayapaan sa loob ng 1000 taon?

Sagot: Ang ikalawang pagkabuhay ay kapag ang lahat mula sa simula ng sanlibutan ay paroroon at harap sa Diyos.

(Apoc 20:11-15)

46. – Ano naman ang magiging huling katalagahan ng mga tapat na Iglesia?

Sagot: Buhay na walang hanggan sa Kalangitan na nasa kaluwalhatian ng Diyos upang ipakita na hindi Siya nagbabago.

(Apoc 22:15, Mat 13:43, Fil 3:21, Awit 73:24)

47. – Ano-ano ang buong kagayakan na kinakailangan ng kasintahang babae ni Kristo?

Sagot:

1. Ang bigkis ng katotohanan
2. Ang baluti ng katuwiran
3. Ang panyapak, ang evangelio ng kapayapaan
4. Ang kalasag ng pananampalataya
5. Ang turbante ng kaligtasan
6. Ang tabak ng Espiritu (Ang salita ng Diyos)
7. Na magsipanalangin lagi ng may buong katiyagaan at daing na patungkol sa lahat ng mga banal.

(Eph 6:13-18)

MGA PANALANGIN

Tayo ay nararapat laging manalangin sa Panginoon. Si Kristo habang Siya ay naririto sa lupa ay nagpakita ng halimbawa, bawat umaga, tanghali at gabi, laging nagbibigay pasasalamat at kahit pa sa oras ng kaguluhan.

I Tesalonica Kabanata 5 Bersikulo 17-18:

“ Magsipanalangin kayong walang patid. Sa lahat ng mga bagay ay magpasalamat kayo; sapagkat ito ang kalooban ng Diyos kay Kristo tungkol sa inyo.”

Mateo Kabanata 26 Bersikulo 41:

“ Kayo’y mangagpuyat at magsipanalangin upang huwag kayong magsipasok sa tukso; ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa’t mahina ang laman”

Ang mga sumusunod ay mga gabay sa bawat oras ng panalangin.

ANG PANALANGIN NA ITINURO NG ATING PANGINOON

Ama naming nasa langit
Sambahin nawa ang pangalan mo
Dumating nawa ang kaharian mo
Sundin nawa ang Iyong kalooban
Dito sa lupa gaya ng sa langit
Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw
Patawarin mo kami sa aming mga sala
Gaya ng pagpapatawad naming
Sa mga nagkakasala sa amin
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso
At iadya mo kami sa lahat ng masama
Sapagkat sa Iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kaluwalhatian
magpakailanman. Siya Nawa.

Tanong: Ano ang ibig sabihin ng salitang “Siya Nawa” o “Amen”?

Sagot: Siya Nawa ay nangangahulugan ng, “Oo, Panginoon ito nawa ang maganap.”

PANALANGIN NG MGA BATA

Ang mga bata ay nararapat turuang manalangin mula sa murang edad at ang sumusunod ay gabay sa pambatang panalangin.

PANALANGIN NG ISANG BATA SA PAGKAIN

Pinapasalamatan ka namin Panginoon dahil sa Iyong mga pagpapala na sa Iyong pag-ibig ay ginawa mo ito sa amin sa araw-araw o Diyos pagkalooban mo kami ng biyaya at habag hanggang sa katapusan, sa pamamagitan ng aming Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo.

PANALANGIN SA UMAGA NG MALILIIT NA BATA

Mapagmahal na Ama, ako ay nagising
Mula sa mahimbing at malusog na pagkatulog
Ang Iyong kalooban nawa ang maging aking nasa
Panatilihin mo ang kagalakan sa araw na ito
At mula sa makipot na daan,
Ay hayaan mo ang Iyong mga anghel sa aking tabi.
Sa pamamagitan ng aming Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo.
Amen.

PANALANGIN SA GABI NG MALILIIT NA BATA

Mapagmahal na Ama, sa Iyo aking dinadala
Papuri at pasasalamat sa lahat ng bagay
Kalusugan, pag-iingat, pagkain at liwanag,
Sa buong araw na ito hanggang sa gabi,
At sa aking paghiga upang matulog
Panatilihin mo ang Iyong mga Anghel na kami'y bantayan
Sa pamamagitan ng aming Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo.
Amen.

PANALANGIN NG MGA BATA PAGKATAPOS NG

BANAL NA KOMUNYON

Panginoon, pinasasalamatan kita sa araw na ito
Sa Iyong paggabay sa aking landas,
Hayaan Mong ang Iyong biyaya ay mamalagi sa akin
Upang mula sa kasalanan ako'y makalaya
Panatilihin Mong laging malapit sa akin ang Iyong mga Anghel.
Upang ako'y hindi matakot
Sa pamamagitan ng aming Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo.
Amen.

PANALANGIN NG BATA SA PAGPASOK SA IGLESIYA

Banal na Espiritu, na kaaya-aya at mabuti
Turuan mo ako ng tama sa isipan
Samahan mo ako sa araw na tio
Ito ay aking isinasamong ipanalangin ngayon
Pagpalain mo ang aming Apostol ng Iyong pag-ibig
Punuin mo sila ng karunungan mula sa kaitaasan.
Sa pamamagitan ng aming Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo.
Amen.

PANALANGIN NG BATA SA KANIYANG MAKADIOS NA MGA MAGULANG


Ama naming nasa langit, Pinasasalamatana kita sa Iyong magiliw na pag-iingat at ang patuloy na panalangin ng aking makadios na mga magulang. Ako ay tapat na nananalangin, Panginoong Diyos, sa pamamagitan ng iyong biyaya, gabayan Mo at pamahalaan ang aking espiritu na ang di kumukupas na pananampalataya ng aking mga magulang ay manahan din sa akin. Tulungan mo ako oh Diyos, na panatilihin sa akin ang mataas na uri ng paglilingkod at katangian na kanilang ikinintal sa aking isipan.


Tulungan mo ako oh Ama ng pag-ibig, na maging maliwanag ang takipsilim sa kanilang mga araw, na sa pamamagitan ng aking buhay at pananampalataya ay maging buhay na kasagutan sa kanilang mga panalangin, at kapag ako ay magdalamat para sa aking mga magulang, nawa ang kanilang alaala ay manatili sa akin, nagniningning na bituin upang gumabay sa akin sa aking paglalakbay sa mabuti at masamang mga araw ng buhay hanggang sa ang paglalakbay ay matapos. O Panginoon tugunin mo nawa ang aking abang panalangin sa pamamagitan ng kamanghamanghang gawa ng Iyong pag-ibig kay Kristo Hesus.

Amen.

KAHULUGAN NG SIMBULONG 4R

- Ang simbolo ay nagsisimula sa krus  na nangangahulugan ng krus ni Hesukristo kung saan ang ating pananampalataya ay nagsimula.

- Ang susunod na simbolo ay ang tuloy-tuloy na bilog  na nakapalibot sa krus na nangangahulugan ng ating buong pananampalataya ay umiikot lamang kay Hesukristo at ito ay walang katapusan – Siya ang simula at ang katapusan ng ating pananampalataya.

- Ang 4R's naman na bumubuo ng hugis  ay nangangahulugan ng:

Katuwiran sa Pag-iisip,
Katuwiran sa Salita,
Katuwiran sa Gawa,
Katuwiran sa mga Daan ng Buhay.

Sa kabuuan, masasabi natin ang 4 na ito ay:

Matuwid – Makahari – Katuwiran – Mayaman

1. Tayo ay nararapat magsikap na mamuhay ng buhay na MATUWID ayon sa Banal na Kasulatan.

1. Tayo ay nararapat magsikap na maging GAYA NG HARI bilang kasintahang babae na makaanib kay Kristo na Hari ng mga Hari.
2. Tayo ay maari lamang maging MATUWID sa pakikibahagi sa Katawan at Dugo ni Kristo.
3. Tayo ay laging MAYAMAN sa mga pangako na ibinigay ni Kristo sa Kaniyang mga Alagad at lahat ng sa pamamagitan ng Salita ng mga Apostol ay naniwala sa Kaniya.

ANG KAHULUGAN NG PAGPAPATUNAY NG ATING PANANAMPALATAYA

Atin ng tinanggap sa ating mga sarili ang responsibilidad ng panata sa Binyag na ng ating mga magulang sa harap ng ating Panginoon bilang kumakatawan para sa atin nung tayo ay mabautismuhan.

Confirmation Hymns

95. AT THE FONT

Melody: No. 16

1. At the font my vows were spoken,
2. By my parents in the Lord;
That those vows shall be unbroken,
At the Altar I record.
O, my Saviour, Thou hath lead me,
Since I first became Thine own.
Thou hath taught me in Thy sending,
I should live for Thee alone.
3. Lord, meet me with Thy salvation,
In Thy Church's ordered way.
Let me feel Thy Confirmation,
In Thy love and truth to-day.
Follow wholly Thy directing,
Through Thy word this very day,
I will trust in Thy protecting,
And will follow Thee, Thy way.
4. Resting Saviour, in Thy merit,
Strengthened through Thy Spirit's word.
At the call I may inherit,
All Thy promised joy, O Lord;
Now and evermore, remaining,
In the only true belief.
Might and firmness and strength gaining,
Hope in danger, joy in grief.

166. O BROTHER, LIFE'S JOURNEY BEGINNING

Melody: Sankey 699

1. O brother, life's journey beginning
 With courage and firmness arise!
Look well to the course thou art choosing;
 Be earnest, be watchful, and wise!
Remember – two paths are before thee,
 And both thy attention invite;
But one leadeth on to destruction,
 The other to joy and delight.

Chorus:

God help you to follow His banner,
And serve Him wherever you go,
And when you are tempted, my brother,
God give you the grace to say “No!”

2. O sister, yield not to the tempter,
 No matter what others may do;
Stand firm in the strength of the Master,
 Be loyal, be faithful, and true!
Each trial will make you the stronger,
 If you, in the name of the Lord,
Fight manfully under your Leader,
 Obeying the voice of His word.

Chorus:

3. O brother, the Saviour is calling!
 Beware of the danger of sin;
Resists not the voice of the Spirit,
 That whispers so gently within.
God calls you to enter His service –
 To live for Him here, day by day;
And share by and by in the glory,
 That never shall vanish away.

Chorus:

MGA GABAY SA PANALANGIN NG MGA KAAKIB

Bawat umaga ang sambahayan ay nararapat magkaisa sa pagtawag sa Trinidad na Diyos at sa pagbasa ng teksto mula sa Banal na Kasulatan.

Ang panalangin ay dapat ihandog bilang gabay ayon sa hanay:

PANALANGIN SA UMAGA

Sa pangalan ng Diyos Ama, at ng Anak , at ng Banal na Espiritu.

Amen.

Panginoong Diyos, kami ay dumudulog ng buong pagpapakumbaba sa Iyong harapan at dinadala ang aming pasasalamat sa Iyo, na kami ay iyong iligtas sa lahat ng panganib buong gabi at ipinagkaloob mo sa amin ang Iyong mga pagpapala. Pagpalain mo nawa ang aming mga lakad sa umaga upang sa pagdating ng gabi ay purihin Ka namin at magalak sa mga gawa ng Iyong pag-ibig sa buong araw. Hayaan mo ang Iyong mga Anghel ay magbantay sa amin sa araw na ito at ilayo kami sa lahat ng mga pagsubok, kaguluhan, pagkakasakit, kalungkutan, kalumbayan, mga sakuna, at higit sa lahat sa di-panahong kamatayan. Hayaan mo na ang aming isip at mga gawa ay maging banal at kapakipakinabang, pinagpala at laging walang malay; at kapag ang araw ay natapos na kami ay nasa iyo at magpahinga sa banal na pag-asa na ang iyong kabutihan, at pagpapala ay sumaamin. Bantayan mo ang Iyong mga Apostoles at punuin Mo sila ng liwanag at karunungan ng Banal na Espiritu. Ingatan mo nawa ang Iyong Iglesia at pangunahan ng Iyong mga kamay ang paggawa sa misyon, upang ang lahat ng mga pakinabang ay maiukol sa Iyo.

(Pang-umagang Pagpupugay)

Aming hinihiling na ang Iyong Espiritu ay tumungo doon sa lahat ng mga nagsisitawag sa Iyo sa araw na ito. Dalangin po naming ang lahat ng pinuno ng lahat ng bansa na sila'y iyong kasihan ng Iyong Santong Espiritu at tulungan na sila'y mamahala at manguna na naaayon sa Iyong katuwiran at gayundin higit sa aming Pangulo. Ingatan mo ang aming Pangulo at ang kaniyang pamahalaan at ipagkaloob mo ang matuwid at marangal na kapayapaan sa lahat ng mga bansa. Ipagkaloob Mo nawa ang panalangin na ito sa pamamagitan ng aming Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo.

Amen.

Ang biyaya ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos na Ama, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat.

Amen.

Ito ay nararapat sundan ng “Ang Panalangin na itinuro ng ating Panginoon.” Ito ay magagamit kapag ang panalangin ay kinakailangan.

Ang panalanging pasasalamat ay nararapat sabihin muna sa bawat pagkain sa mga sumusunod na gabay:

PANALANGIN SA HAPAG BAGO KUMAIN

Amang sumasalangit kami ay nagpapakumbabang nagpapasalamat sa mga ito na Iyong kaloob na kami ay Iyong pinagpala, aming dalangin pagpalain mo nawa ang pakikibahagi sa pagkaing ito para sa aming katawan, sa pamamagitan ng aming Tagapagligtas na si Hesukristo.

Amen.

Ang mga bata ay dapat naming din manalangin pagkatapos ang pagpapasalamat ayon sa naituro sa kanila. Kung nasa lugar na hindi maalwan para sabihin ang buong Panalangin ng pagpapasalamat ng malakas, ito ay puwedeng gawin sa katahimikan o sa pinaikling panalangin sa pagsasabi lamang ng salitang: “Panginoon Pagpalain mo ang Pagkaing ito.”

May pagkakataon sa araw o sa gabi kapag ang sambahayan ay magkakasama sila ay sandaling huminto at magbasa ng Salmo o Kawikataan mula sa Banal na Kasulatan. Ang Panggabing Panalangin ay nararapat sabihin ng sambahayan bago magpahinga sa gabi, ayon sa mga sumusunod na hanay:

PANALANGIN SA GABI

Muli oh Panginoong Diyos, buong pagpapakumbaba na may puso at espiritung nagsisisi, kami ay lumalapit sa Iyong harapan, pagkatapos ng maghapon at nagbibigay pasasalamat, papuri, parangal at luwalhati sa Iyo, na sa Iyong pag-ibig, ay ingatan kami sa lahat ng pagsubok, kaguluhan, pagkakasakit, kalungkutan, dalamhati at mga sakuna sa buong araw. Kami ay patungo sa gabi at hindi alam kung ano ang nasa aming harap, ngunit Panginoon kami ay nagpapakumbabang isinasamo sa Iyo na ilagay ang Iyong mga banal na mga Anghel sa palibot naming at gayon din sa mga tahanan ng Iyong mga tao. Ipagkaloob nawa sa amin ang matahimik na pag-idlip upang kami ay magising sa bagong umaga mula sa pagpapahinga, upang gampanan muli ang maraming pagkatawag ng aming araw-araw na tungkulin. Ipagsanggalang Mo ang Iyong Iglesiya at Iyong mga lingkod, bihisan Mo ang Iyong mga Apostoles ng karunungan at pag-unawa ng Banal na Espiritu at bigyan sila ng kalusugan at kalakasan upang gampanan muli ang maraming pagkatawag ng aming araw-araw na tungkulin. Ipagsanggalang Mo ang kabataan mula sa mga tukso at hayaan mo ang Iyong kamay na manguna sa misyon ng paggawa upang ang lahat ng pakinabang ay maiukol sa Iyo. Ipagsanggalang Mo ang aming Pangulo at ang kaniyang pamahalaan at hayaan Mo ang Iyong marangal na kapayapaan ay maghari sa lahat ng mga bansa. Dalangin po naming ang lahat ng pinuno ng lahat ng bansa na sila’y iyong kasihan ng Iyong Santong Espiritu at tulongan na sila’y mamahala at manguna na naaayon sa Iyong katuwiran at gayundin higit sa aming Pangulo. Saan man kami nagkasala sa araw na ito, ay aming hinihiling na ang kasalanang ito ay matakpan sa pamamagitan ng biyaya na napagtagumpayan na para sa amin sa pamamagitan ng aming Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo. Panginoong Diyos ipagkaloob mo ang panalanging ito sa pamamagitan ng aming Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo.

Amen.

Ang biyaya ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos na Ama at ang pakikipagtipan at pakikiisa ng Banal na Espiritu ay sumaaing lahat.

Amen.

IBA PANG MGA PANALANGIN

Sa pagdalo sa gawaing paglilingkod, ang panalangin ay nararapat na laging manggaling mula sa puso. Ang mga sumusunod ay mga gabay lamang:

PANALANGIN NG MGA MIYEMBRO TUWING PAGPASOK SA BANAL NA PAGSAMBA

Panginoong Diyos, pinasasalamatan kita na ako ay pinahintulutan mo na makadalo sa Banal na Pagsamba, at isinasamo ko sa Iyo na hayaan mo ang Iyong Banal na Espiritu ay mamahala sa aking isipan upang aking bigyang pansin ang pagpapahayag ng ebanghelyo at itatak ito ng malalim sa akin.

Mapagmahal na Ama, isinasamo ko sa Iyo na palakas mo ang Iyong Apostoles at ang Iyong mga lingkod at gabayan sila ng Banal na Espiritu upang ipahayag ang mensahe ng ebanghelyo para sa kapakanan ng aking kaluluwa. Amen.

PANALANGIN PAGKATAPOS MAKIBAHAGI SA BANAL NA KOMUNYON

Mapagmahal na Ama, ako'y sumasamo sa Iyo na may mababang-loob na ako'y pahintulutan mo na tanggapin ang katuwiran na nasa Banal na Katawan at Dugo ni Hesukristo na inihanda para sa akin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ng ating Panginoon na Kaniyang ipinadala kung saan ako ay nakabahagi. Ako'y sumasamo sa Iyo na ipadala mo ang pagpapalang ito sa mga may sakit at may kalumbayan, at sa mga hindi nakadalo at sa mga nagtiwala sa aking pag-iingat. Amen.

PANALANGIN NG PAGSISISI SA PAGHINGI NG KAPATAWARAN

O mapagbiyaya at matuwid na Diyos, na Siyang gumabay sa amin na maging maamo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, at nagturo sa amin na maging mababang-loob at mahinahon sa Iyong daan, patawarin kami sa mga kasalanan, at mga paglabag ng aming masamang kalikasan, malugod ka oh Diyos at alalahanin mo ang Iyong dating awa at ang ang Iyong kabutihan, patawarin kami sa lahat ng aming mga kasalanan at iligtas mo kami sa lahat ng aming mga kaaway at sa aming mga karukhaan at ipagkaloob sa amin ang biyaya. Panatilihin kami sa ganap at matuwid na pakikitungo, na kami ay makapamuhay, malayo mula sa kaguluhan at ligtas mula sa lahat ng aming kaaway. Ipagkaloob mo oh Diyos ang aming kahilingan sa pamamagitan ni Hesukristo, na Siyang Diyos na sumasaiyo. Amen.

PANALANGIN PARA SA KAGALAKAN NG PAG-AASAWA

O Panginoong Diyos, kami ay pagpalain at gawin nawang laging maligaya ang aming buhay mag-asawa; Nawa'y ang Iyong pandinig ay maging bukas sa aming mga panalangin, bigyan kami, aming isinasamo sa Iyo, nang pusong nagsisisi at ang espiritu ng kagalakan. Bigyan mo kami ng sigasig ng Iyong Banal na Pangalan na aming magawa ang mabuti na maging handa kasama ang mga banal na pag-uugali, kami nawa'y maligtas mula sa lahat ng mga kaguluhan na sasalubong sa amin sa pamamagitan ng Iyong pag-ibig, biyaya at habag. Ipagtanggol mo kami

mula sa lahat ng mga natatagong panganib ng buhay mag-asawa, upang sa takbo ng aming buhay, ay aming madama at madanas ang kabutihan Mo oh Panginoon ang katamisan ng Iyong awa na siyang angkla sa aming mga kaluluwa magpakailanman. Bigyan mo kami ng kataimtiman ng Espiritu upang ipadala sa amin ang kaligayahan ng Iyong malikhaing kapangyarihan at ng mga kaluwalhatian ng Iyong kaharian. Bigyan mo kami ng tapang upang magpakumbaba kami sa isa't-isa upang kami'y magpatawad bago lumubog ang araw. Hayaan mo oh Panginoon, ang Banal na Espiritu ay maging sanhi ng pamamahala sa aming tahanan, upang ang kaligayahan at pagiging kuntento ay maghari doon. Gabayan mo kami sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang pangunahan kaming mamuhay na kaayaaya sa Iyong paningin. Amen.

PANALANGIN UPANG TAYO AY MAPABUTI

Ang Panginoon ang aking pastor; hindi ako mangangailangan;

Kaniyang pinahihiga ako sa sariwang pastulan:

Pinapatnubayan niya ako sa siping ng mga tubig ng pahingahan,

Kaniyang pinapananauli ang aking kaluluwa:

Pinapatnubayan niya ako sa mga landas ng katuwiran alangalang sa kaniyang pangalan.

Oo. bagaman ako'y lumalakad sa libis ng lilim ng kamatayan,

Wala akong katatakutang kasamaan, sapagkat ikaw ay sumasa akin:

Ang iyong pamalo at ang iyong tungkod, ay nagsisaliw sa akin.

Iyong pinaghahandaan ako ng dulang sa harap ko sa harapan ng aking mga kaaway:

Iyong pinahiran ang aking ulo ng langis,

Ang aking sarong ay inaapawan.

Tunay na ang kabutihan at kaawaan ay susunod sa akin sa lahat ng mga kaarawan ng aking buhay:

At ako'y tatahan sa bahay ng Panginoon magpakailan man.

BASBAS NG APOSTOL

Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo,

At ang pag-ibig ng Diyos Ama,

At ang pakikisama ng Banal na Espiritu,

Ay sumaatang lahat ngayon at magpakailan man.

Amen.